

Mga Therapeutic na Indikasyon

Inirerekomenda ang **EXTRANEAL** bilang pang-isahang beses sa isang araw na pamalit o nag-iisang kapalit ng Dextrose bilang bahagi ng paggamot na CAPD o automated peritoneal dialysis (APD) para sa paggamot sa malubhang pagpalya ng bato, partikular sa ilang kategorya ng mga pasenyente na nawala ang ultrafiltration sa mga Dextrose solution, dahil maaari nitong pahabain ang oras sa CAPD therapy sa mga naturang pasyente.

Mahalagang Impormasyong Pangkaligtasan
EXTRANEAL (Icodextrin 7.5%) Peritoneal Dialysis Solution

- Ang **EXTRANEAL** ay hindi dapat gamitin ng mga pasyenteng may allergy sa cornstarch o Icodextrin o sa mga pasyenteng may karamdaman sa pag-imbak ng glycogen.
- Hindi para sa pang-ugat na iniksyon.
- **HUWAG** gumamit ng mga monitor or strip para sa pagsusuri na gumagamit ng mga pamamaraan na enzyme glucose dehydrogenase pyrroloquinolinequinone (GDH-PQQ) o glucose-dye-oxidoreductase. Bilang karagdagan, ang ilan ngunit hindi lahat ng monitor at strip para sa pagsusuri na gumagamit ng pamamaraan na glucose dehydrogenase flavin-adenine dinucleotide (GDH-FAD) ay hindi dapat gamitin. Ang paggamit ng mga pamamaraang ito ay maaaring magresulta sa mga maling pagbasa ng mataas na glucose sa dugo sa mga pasenyenteng gumagamit ng **EXTRANEAL (Icodextrin 7.5%)** dahil sa pagkagambala ng maltose. Ang mga maling pagbasa ng mataas na glucose sa dugo ay maaaring mag-mask ng tunay na hypoglycemia o humantong sa maling diagnosis ng hyperglycemia, na magdudulot ng mga kaganapang nagbabanta sa buhay. Dapat makipag-ugnayan sa (mga) tagagawa ng monitor at mga strip para sa pagsusuri upang malaman kung nagdudulot ng pagkagambala o maling resulta ng mataas na glucose ang Icodextrin or maltose.
- Ang status ng volume ng pasyente ay dapat maingat na subaybayan para maiwasan ang hyper- o hypovolemia at mga potensyal na malubhang kahihinatnan kabilang ang pagpalya ng puso, pagbaba ng volume at hypovolemic shock. Dapat magpanatili ng tumpak na talaan ng balanse ng likido at subaybayan ang timbang ng pasyente.
- Dapat simulan at subaybayan ang paggamot sa ilalim ng pangangasiwa ng isang doktor na malawak ang kaalaman sa pamamahala ng mga pasyenteng may pagpalya ng bato.
- Maaaring mangailangan ang mga pasyenteng may diabetes na nakadepende sa insulin ng pagbabago ng dosis ng insulin pagkatapos ng pagsisimula ng paggamot.
- Sa mga klinikal na pagsubok, ang pinakamadalas na naiulat na mga pangyayari na hindi naaayong kaganapan ay nasa $\geq 5\%$ ng mga pasyente, at mas pangkaraniwan sa mga pasyenteng gumagamit ng **EXTRANEAL** kaysa sa mga kontrol na pasyente, ay peritonitis (26% laban sa 25%), impeksyon sa upper respiratory tract (15% laban sa 13%), hypertension (13% laban sa 8%), at pamamantal (10% laban sa 5%). Ang pinakakaraniwang hindi naaayong kaganapang nauugnay sa paggamot para sa mga pasyenteng gumagamit ng **EXTRANEAL** ay pantal sa balat (5.5% laban sa 1.7%)
- Mangyaring tingnan ang kumpletong impormasyon para sa pagrereseta.